Caring for Kids .cps.ca

Pinoy Kids' Health

# 5 Maling Paniniwala Tungkol sa Bakuna

## 1 Maling paniniwala

**Karamihan sa mga sakit na pinipigilan ng mga bakuna ay hindi naman malubha.**

Ang mga sakit na napipigilan ng bakuna ay maaring maging malubha at magdulot ng malalang karamdaman, mga komplikasyon o kamatayan. Ang tigdas, ubo na may kasamang huni (whooping cough), meningitis, at tetanus ay maaaring maging sanhi ng kamatayan, lalo na sa mga



## 2 Maling paniniwala

**Hindi na kailangan ng mga bata ang bakuna dahil wala na ang mga sakit kung saan ito dati ay kinakailangan.**

Nandito pa rin ang mga sakit, ngunit mas bihira na silang makita dahil sa mga bakuna. Ang paglalakbay at ang paglaganap ng sakit sa iba't ibang bansa ay maaaring magdulot ng muling pagbalik ng mga ito. Nananatiling nasa tunay na panganib ang mga batang walang bakuna.

## 3 Maling paniniwala

**Nabakunahan naman na 'yong iba, kaya hindi na kailangang pabakunahan ang aking anak.**

Kahit marami ang nabakunahan, maaari pa ring kumalat ang mga sakit kung may mga hindi nabakunahan. (May ilang impeksiyon, gaya ng tetanus, na nagmula sa kapaligiran, kaya hindi sapat ang proteksyon ng komunidad.)

## 4 Maling paniniwala

**Mas ligtas ipagpaliban ang mga bakuna o ibigay ang mga ito nang paisa-isa.**

Ang pagpapaliban ng bakuna ay nangangahulugan din ng pagpapaliban ng proteksiyon sa panahong pinakakailangan ito ng mga bata. Ang mga pinagsamang bakuna ay ligtas, mabisa, at masusing pinag-aralan. Mas kaunti ang turok, pero kapareho lang ng lakas ng proteksiyon.

## 5 Maling paniniwala

**Hindi sapat na nasusuri ang mga bakuna upang masabing ligtas ang mga ito.**

Ang mga bakuna ay dumaraan sa maraming taong pagsusuri, mga klinikal na pagsubok, at mahigpit na regulasyon bago ito aprubahan. Patuloy na binabantayan ang kaligtasan ng mga ito, at napakabihira lamang magkaroon ng mga malulubhang hindi inaasahang epekto.



CaringforKids.cps.ca @caringforkids_

@filipino.kidshealth @FilipinoKH Filipino Kids' Health